

1

“Are you sure you don’t need my help, Sarah? Paano kung mag-propose sa ’yo si Mickey ngayong gabi? Baka kailanganin mo ng tulong ko sa pag-aayos,” sabi ni Callie. She had been Sarah’s best friend since high school. Nag-iisa lang siyang anak, kaya kapatid kung ituring niya ito.

“Thanks, Callie. Don’t worry, I can manage. Should I need your help, I’ll let you know,” nakangiting sagot niya saka bumaba ng kotse nito.

Kagagaling lang nila mula sa mall para mag-shopping ng susuotin niyang damit para sa dinner date nila ng boyfriend niya. Niyaya niya ito dahil kailangan niya ng makakausap. Naramdaman kasi niyang ngayong gabi ay magpo-propose na sa kanya ang nobyo.

Mickey had been her boyfriend for six months. Nakilala niya ito nang minsang bisitahin niya ang kanyang ama sa opisina nito. Their family owned a garments business and he was one of the assistant managers reporting directly to her father.

Sa unang tingin pa lamang, alam na kaagad

niyang perfect boyfriend material si Mickey. Guwapo ito, charming, matalino, at mabait. Nakipaglapit ito sa kanya at makalipas ang ilang linggo ay nagsimulang manligaw. Botong-boto ang kanyang ama rito, kaya makalipas ang isang buwang panliligaw, sinagot niya ito. He was her first boyfriend. Wala siyang reklamo rito bilang nobyo lalo na at lahat halos ng gustuhin niya ay ibinibigay nito. Katulad ng mga magulang, tila siya babasaging kristal para rito.

“So, girl, in case na mag-propose sa ’yo ang boyfriend mo, tatanggapin mo ba?” pahabol na tanong ni Callie.

“Why not? I don’t see why I should reject his proposal,” sagot niya.

“How about your dad? Sa tingin mo papayag siya?”

“I’m sure papayag siya. Botong-boto si Daddy kay Mickey. Si Mommy lang ang inaalala ko. I have this feeling that she doesn’t like him. Tuwing nasa bahay si Mickey, halos ayaw siyang kibuin ni Mommy. She’s always aloof, cold and distant toward him.”

Callie’s face snorted. “That’s weird. Napakabait ni Tita. Wala akong makitang dahilan kung bakit ganoon na lang ang pag-ayaw niya kay Mickey.”

“Kapag ikinasal na kami ni Mickey, sisiguraduhin kong magugustuhan na siya ni Mommy.”

“Hindi ba parang napakabata mo pa para magpakasal? You’re only twenty-two and we just graduated. How old is Mickey, by the way?”

“He just turned twenty-seven,” nakangiting tugon niya. “Wala sa age ’yan, Callie. If you feel like getting married, no one can stop you. Not even your age.”

Nagkibit-balikat ang kaibigan. “Kung sigurado kang hindi mo kailangan ng tulong ko, I better leave na. But in case you change your mind, feel free to call me.”

Nagpaalam na ito saka nagmaneho palabas ng driveway. Bitbit ang tatlong paper bags, naglakad siya patungo sa main door.

Habang papasok ng bahay, hindi niya maiwasang maisip ang mga magulang. Nag-iisang anak lamang siya dahil nahirapan ang kanyang ina na sundan siya matapos nitong magkaroon ng problema sa uterus nito ilang buwan matapos siyang ipanganak. At dahil solong anak siya, busog siya sa atensyon, panahon at pagmamahal mula sa mga magulang.

“Hija, mabuti at dumating ka na. Kanina pa dumating ang nobyo mo. Kausap siya ng daddy mo

sa library,” imporma sa kanya ng Yaya Rosa niya nang makasalubong niya ito papasok ng bahay. Ito ang nagpalaki sa kanya at nag-aasikaso sa pangangailangan ng pamilya nila.

“Thanks, Yaya! Pupuntahan ko na po sila. Pakiakyat na lang po ang mga ito sa kuwarto ko,” magalang niyang sagot habang ibinibigay rito ang hawak niyang paper bags.

Excited siyang nagpunta sa library. Napansin niyang bahagyang bukas ang pinto niyon habang palapit siya. Akmang kakatok siya sa pinto para ipaalam ang presence niya nang may marinig siya sa pag-uusap mula sa loob ng silid na nakapagpatigil sa kanya.

“Katulad po ng plano ninyo, magpo-propose na ako ng kasal kay Sarah ngayong gabi. I will make sure she will accept the proposal. May isa lang akong gustong matiyak, Sir. Pagkatapos kong tuparin ang parte ko ng kasunduan, makukuha ko na ba ang kabuuan ng ipinangako ninyong bayad sa akin?”

Halos panawan siya ng ulirat sa narinig niyang sinabi ng kasintahan.

“Be patient, Hijo. Sundin mo lang ang mga sinabi ko sa 'yo. Ako na ang bahala sa lahat. Magpasalamat

ka at sa lahat ng kilala ko, ikaw ang nagustuhan ko para sa anak ko. Kung hindi, habang-buhay ka na lang magiging empleyado sa kompanyang pagmamay-ari ko.”

Nanikip ang kanyang dibdib sa sinabing iyon ng kanyang ama, si Mr. Ramiro Montenegro.

“Nagtataka nga ako kung bakit ako ang napili ninyo para kay Sarah. Pero noong sabihin ninyo sa akin ang magiging benefits ng pakikipaglapit ko sa kanya, I realized para na rin akong tumama sa lotto.”

Kahit hindi niya nakikita ang mukha ni Mickey, na-i-imagine na niyang ngingiti-ngiti ito base sa tinig nito.

“Maging mabait at masunurin ka lang, masisiguro kong hindi na maghihirap ang pamilya mo. Isa lang ang pakiusap ko sa 'yo, Mickey, tiyakin mo na aalagaan mo ang anak ko. Dahil sa oras na mabalitaan kong sinaktan mo siya at pinabayaan, malalagot ka sa akin,” anang matandang lalaki.

Ang saya at excitement na nararamdaman niya kanina ay napalitan ng ibayong lungkot at panlulumo. She felt betrayed by the people she loved the most.

She was shaking while running away from the library. Palabas na siya ng bahay nang makasalubong

niya ang kanyang ina, si Mrs. Selina Montenegro. Kaagad na rumehistro ang pagtataka sa mukha nito nang makita siya.

“What’s wrong, Hija?” tanong nito sa nag-aalalang tinig.

Tila walang narinig si Sarah at mabilis na tumakbo palabas ng gate. Wala siyang ginawa kundi ang tumakbo nang tumakbo. Ang tanging gusto niya ay ang lumayo sa lugar na iyon. Sa lugar kung saan nakikita niya ang dalawang lalaking minahal niya pero sinaktan lang siya.

Kaagad na namataan ni Justin ang mga kaibigan niyang sina Timothy at Michael pagpasok niya ng canteen ng *Capitol Medical Center* kung saan siya resident doctor. Hindi siya nakasabay sa mga ito na kumain. Katatapos lang ng limang oras niyang surgery sa pasyente niya. Pagkatapos um-order ng pagkain, lumapit siya sa mesa ng mga ito.

“Look who’s here to join us! Our dear friend, Doc Justin Salazar,” ani Timothy. Ito ang unang nakapansin sa kanya. “Finally, nakita ka rin namin, Pare. Ang akala ko pinagtataguan mo na kami.”

“I heard twelve hours ang duty mo ngayon. Kaya

pa?” tanong ni Michael. Ang dalawa ang matalik niyang mga kaibigan. Sabay-sabay silang nag-umpisang magtrabaho sa hospital na iyon. Through the years, they became really close.

Isang pagod na ngiti ang sumilay sa kanyang mukha. “I’m tired, but what can I do? Ako ang palaging pine-page ng mga nurses kapag emergency cases. Ganoon yata kapag ang mga kasama mong doctor ay may asawa na.”

Siya na lang ang natitirang single sa kanilang tatlo. Si Timothy ay ikinasal may limang buwan na ang nakakaraan habang si Michael ay noong isang buwan lang through civil rites.

“Bakit hindi ka pa kasi mag-asawa? Para nakakarelate ka na rin sa amin ni Timothy. At para hindi ikaw ang palaging nakakakuha ng mahabang duty sa atin,” suhestiyon ni Michael.

“That would be the day, Pare. Nakita mo nga halos wala na akong oras para sa ibang bagay sa sobrang busy dito sa hospital.”

“Bakit hindi mo pakasalan ang girlfriend mo?”

Napatingin siya kay Timothy. “Girlfriend?”

“Pagod ka na nga, Pare. You do have a girlfriend,

remember? Si Rona?”

“Timothy is right. Bakit hindi mo pakasalan si Rona? Nabanggit mo minsan na gusto siya ng mga magulang mo para sa 'yo. I'm sure walang magiging problema kung siya ang papakasalan mo,” ani Michael.

“Let's stop this talk, guys. I'm not yet ready for that kind of commitment. Kahit siguro mas habaan pa ninyo ang duty ko, hindi ako magpapakasal.”

Halos sabay na nagkibit-balikat ang mga kaibigan saka nagsimulang magkuwento tungkol sa buhay may-asawa ng mga ito. Hindi niya ma-imagine ang sarili na nasa lugar ng dalawa.

Yeah, that would be the day...

Katatapos lang ng morning round ni Justin sa mga pasyente niya nang madaanan niya si Nurse Joan sa charity ward ng hospital at may kung anong tinitingnan. Ito ang pinaka-friendly sa lahat ng nurses ng hospital, kaya halos lahat ng doctor at staff ay close dito.

“What are you looking at, Nurse Joan?” tanong niya habang sinusundan ng tingin ang tinitingnan

nito.

Nakatingin ito sa loob ng charity ward. Sa loob ng kuwarto ay naroon ang sampung pasyente. Sa bandang dulo, napansin niya ang isang babae na mahimbing na natutulog. Sa lahat ng mga pasyente, tanging ito lamang ang namumukod-tanging walang bisitang nagbabantay.

Sa di-malamang dahilan, natagpuan niya ang sariling nilalapitan ito. Sumunod sa kanya si Nurse Joan na halata rin ang curiosity sa pasyente.

Nang mabistahan ang mukha ng babae sa malapitan, tila saglit na huminto sa pagtibok ang kanyang puso. Sa kabila ng mga pasa at galos ay masasabi niyang napakaganda nito. Napakaputi nito at napakakinis ng balat na kahit sino ang makakakita rito ay manghihinayang sa mga pasa at galos nito na tila mantsa sa mala-sutla nitong balat.

He looked at her intently. She had a heart-shaped face, small nose and lips that were naturally reddish. She looked fragile na lalong na-emphasize dahil petite ito. While looking at the beautiful stranger sleeping in front of him, he felt a sudden tenderness and fondness toward her.

“Do you know the patient?” usisa ng binata.

“Ikaw ba ang nurse na nag-aasikaso sa kanya?”

Umiling ang babae. “Walang nakakakilala sa kanya, Doc Justin. I heard wala pa daw dumadalaw sa kanya simula nang dalhin siya sa emergency room hanggang sa ilipat siya dito sa charity ward. Dalawang araw na pero wala pa ring alam ang staff ng hospital tungkol sa kanya. Nakakaawa nga siya, eh.”

“What happened to her? Bakit may mga pasa at galos siya sa katawan?”

“Biktima daw ng hit-and-run, Doc. Thank God hindi malala ang kalagayan niya. Maliban sa mga galos at pasa na nakikita natin.”

“Wala ba siyang identification para malaman ng mga kamag-anak niya na nandito siya?”

“Wala daw. Noong isinugod siya dito ay hindi kasamang dumating ang bag niya. Walang nakakaalam kung may dala nga ba siyang bag. For all we know, baka may kumuha noon mula sa kanya. Kawawa naman. Paano kung walang sumundo sa kanya na kamag-anak dito? Ano na lang ang mangyayari sa kanya?”

Tila may mainit na kamay na humaplos sa puso ni Justin. His heart instantly went out to her. Hindi siya matatahimik na wala siyang gawin para rito.

“I’ll take her.”

Mula sa pasyente, mabilis na lumipad ang tingin ni Nurse Joan sa kanya. “Doc?”

“Ako na ang bahala sa kanya. Hindi niya na kailangang manatili dito sa charity ward. Ipapalipat ko siya sa private room. I’ll shoulder all her expenses from medicine, private room and other fees,” aniya habang hindi inaalis ang tingin sa pasyente.

Hindi niya alam kung ano ang nagtulak sa kanya para sabihin ang mga iyon. Ang alam lang niya, gusto niya itong tulungan. Ito man ang unang pagkikita nila ng babae, magaan na ang loob niya rito. Ito ang kauna-unahang tao na nakapagpalabas ng protective instinct niya. Idagdag pa na hindi niya maalis-alis ang mga mata sa napakaganda nitong mukha.

“Are you serious, Doc? Ikaw ang magbabayad sa lahat ng gagastusin niya? Paano kung hindi niya kayo kayang bayaran?”

“Bahala na,” aniya. “I have to go, Joan. Aasikasuhin ko na ang pagpapalipat sa kanya bago ako umuwi. Kung wala kang gagawin o pupuntahan, puwede bang pakibantayan siya sandali? Babalik din ako agad.”

Tumango ito. “No problem, Doc.”

Beautiful Stranger - Marielle Gonzales

Nagpasalamat siya rito saka tumuloy sa admin office para asikasuhin ang pagpapalipat sa babaeng nakita niya sa charity ward. Hindi niya alam kung ano ang nagtulak sa kanya para gawin ang mga ginagawa niya. Ang alam lang niya, masaya siyang tulungan ito. Hindi niya matiis na wala siyang gawin para rito.

2

Nakaramdam si Justin ng ibayong pagod at antok pagpasok niya ng bachelor's pad niya. Mukhang ngayon pa lang nagsisimulang mag-sink in sa katawan niya ang twelve hours niyang duty sa hospital. Mabuti na lang at nakakain na siya bago umuwi. Dahil hinahanap na ng katawan niya ang pahinga at tulog.

Pagkalipas ng halos isang oras, nakahiga na siya sa kama niya. He was about to sleep when he heard his cellphone ringing. Patamad niyang sinagot ang tawag. "Hello?"

"How have you been, Anak? Missed na missed ka na namin ng daddy mo dito sa bahay." Nabosesan niya ang ina sa kabilang linya.

"Hi, Mom! I'm doing fine. Katatapos lang ng duty ko sa hospital. Kung nahuli ka ng tawag, baka natutulog na ako."

"Gaano katagal ang duty mo, Anak?" tanong ni Mrs. Dolores Salazar. "The last time we talked, tumagal ng ten hours iyon. Paano ka magkakaroon ng sarili mong pamilya kung hindi mo binibigyan ng oras ang sarili mo?"

He sighed. “Can we talk some other time, Mom? I’m really tired. I’ll be there first thing in the morning tomorrow.”

“Okay, sleep tight, Anak. See you tomorrow. Dito ka na kumain. Ipapahanda ko ang paborito mong almusal.” Nagpaalam na ito.

Napangiti siya. Iyon ang isa sa nami-miss niya ngayong hindi na siya nakatira sa poder ng mga magulang. Ngayon ay halos siya ang gumagawa ng lahat ng gawain sa pad niya—mula sa paglilinis, pagluluto, at paglalaba.

“Good morning, Mom!” bati ni Justin sa ina pagpasok niya sa dining room ng kanilang bahay.

“Ang aga mo yata, Anak. Hindi ba dapat natutulog ka pa sa mga oras na ito?”

“Gusto ko kayong makasabay ni Daddy sa almusal. May duty po kasi ako mamayang hapon, kaya naisip kong ngayong umaga pumunta dito. Where are Dad and Raffy?”

Si Raffy ang nakababata niyang kapatid. Mayroon silang cement business na mina-manage ng ama at kapatid. Ang kanyang ina ay nagtatrabaho bilang PR

manager sa isang advertising company.

Maliit pa lang siya ay pangarap na niyang maging doktor. Sa halip na tumulong sa family business nila, mas pinili niyang sundin ang pangarap niya. Iiginalang ng mga magulang ang desisyon niya. They had been supportive of him ever since.

“Nasa Davao ang kapatid mo para makipag-meeting sa isang prospective client. As for your father, he will be here any minute now,” anito habang ipinaghahanda siya ng pagkain.

“Good morning!” bati sa kanila ng ama pagpasok nito sa dining area. “Nabanggit sa akin ng mommy mo na darating ka. I didn’t expect you will be here this early.”

“Hi, Dad! I missed you, too!”

“Ang tagal mong hindi napasyal. Ang akala ko maliligaw ka na kapag nagpunta ka dito. But from the looks of it, you still know your way home.”

“Sorry, Dad, naging busy lang ako sa hospital kaya hindi ako nakadalaw.”

“Pasensya ka na sa daddy mo. Nag-aalala lang siya sa ’yo lalo na at mag-isa ka sa pad mo,” sabi ng ina. “Bakit hindi ka na lang kasi bumalik dito, Anak?”

Inunahan siyang magsalita ni Mr. Luis Salazar. “Look at the bright side, Darling. Maganda na rin na mahabang duty ang nakukuha ni Justin. At least after his long duty, naaalala niyang umuwi dito sa atin.”

Napailing ang ginang. “Ang mabuti pa, kumain na tayo bago pa lumamig ang pagkain,” nakangiting saway nito.

Naging masaya ang kanilang almusal. Kinailangan lang umalis ng kanyang ama para pumasok sa opisina. May naka-schedule kasi itong meeting nang umagang iyon. Ang kanyang ina ay nagdesisyong magpatanghali ng pasok upang makasama siya nang mahaba.

“Kumusta na pala kayo ni Rona, Anak? Wala ba kayong planong lumagay sa tahimik?” tanong nito kapagkuwan. “Nasa marrying age na kayo. Excited na akong makita ang magiging apo ko sa inyo.”

“You’re still young para maging lola, Mom. Darating din po tayo diyan.”

“Alam mong gusto ko si Rona para sa ’yo, Hijo. She’s like a family. Close ako sa mga magulang niya. She’s also a good catch. She’s beautiful, sweet, and hardworking. Ano pa ba ang hahanapin mo sa kanya?”

He sighed. “You’re right, Mom, Rona is almost perfect. But did it ever occur to you that maybe she’s not the right one for me?”

Sa kabila ng pagiging magkasintahan nila ni Rona, hindi niya maramdaman na ito ang babaeng itinadhana para sa kanya. Tila laging may kulang sa tuwing magkasama sila. He was attracted to her, yes. Pero maliban sa physical attraction, wala na. Parang may hinahanap siya rito na hindi niya matukoy. Higit sa lahat, alam niyang hindi niya ito mahal in a real sense of the word.

Kahahatid lang ni Justin sa kanyang ina sa opisina nito at akmang paaandarin na niya ang kanyang kotse nang marinig niyang nag-iingay ang kanyang cellphone. Nabasa niya ang pangalan ng kasintahan sa screen niyon. Huminga siya nang malalim bago sinagot ang tawag nito.

“Hello.”

“Hi, Sweetie!” masiglang bati nito. “Where are you?”

“Papunta na ako sa hospital.”

“Anong oras ang duty mo? Hindi ka ba

makikipagkita sa akin bago ka magtrabaho?”

Hindi na niya nagawang sagutin ang tanong nito nang marinig niya ang malakas na background music sa kabilang linya. Bigla ay nakaramdam siya ng iritasyon.

“Nasa bar ka na naman ba?” usisa niya.

Isa iyon sa hindi niya gusto sa kasintahan. Sa tuwing nakakausap niya ito sa cellphone ay palagi itong nasa bar. Mabibilang sa daliri ang nakakausap niya itong nasa bahay kasama ang pamilya nito. Para itong magkakasakit kapag natigil sa bahay.

“Nope, may naka-schedule akong fashion show ngayon sa *Manila Hotel*. Kung makakapunta ka sana, maybe I can take a quick break so we can—”

“I don’t think that’s possible, Rona. May duty ako sa hospital,” putol niya. Knowing his girlfriend, igigiit nito ang gusto nito. Kailangan niya itong unahan na paliwanagan.

Huminga ito nang malalim. “Okay, let’s meet some other time na lang. I’ll make it up to you. That’s a promise.”

Nag-usap sila sandali bago ito nagpaalam sa kanya.

Beautiful Stranger - Marielle Gonzales

Huminga siya nang malalim habang nagmamaneho. His girlfriend, Rona Montesa, was a famous model. Malapit na magkaibigan ang pamilya nila. He must admit, Rona was beautiful and gorgeous. Noong una, aminado siyang physically attracted siya rito.

May ilang beses din silang nag-date dahil na rin sa pamimilit ng kanyang ina. Very vocal si Rona sa pagsasabing naguguwapuhan ito sa kanya. Tahasan din nitong inamin na gusto siya nito. Walang nangyaring ligawan sa pagitan nila. Nagising na lang siya isang umaga na girlfriend na niya ito.

Ang relasyon nila ay iyong tipong ‘enjoy while it last’. Ngunit sa paglipas ng panahon, ang physical attraction ay unti-unting nabawasan. Handa na siyang magmahal nang tunay at panghabang-buhay. Unfortunately, hindi ito ang napili ng puso niya na mahalin.

Napailing siya at pinaandar ang kanyang sasakyan upang magtungo sa hospital.

Malapit na si Justin sa *Capitol Medical Center* nang salubungin siya ng mahabang traffic. Naisipan niyang tawagan si Nurse Joan upang i-check ang kalagayan ng pasyente na pinalipat niya sa private room nang nakaraang araw.

Noong nakalipas na gabi bago umalis ng hospital, siniguro muna niyang maayos ito. Hindi niya ito maiwang mag-isa lalo na at walang nagbabantay rito.

“Hi, Doc!”

“Hi, Joan! Sorry to bother you. Tatanungin ko sana kung nasa hospital ka na.”

“Nandito na ako, Doc. May problema ba?”

“Tatanungin ko sana kung kumusta na ’yung pasyente natin na galing ng charity ward?”

“Don’t worry, Doc, nasilip ko na siya kanina. Maayos naman siya sa bagong kuwarto niya. May nurse na din na tumitingin sa kanya.”

Nakahinga siya nang maluwag. “I’m glad to hear that. Kapag may bagong update sa kanya, please let me know,” bilin niya.

“Huwag kayong mag-alala, Doc. Kami muna ang bahala sa kanya habang wala kayo,” pag-a-assure nito.

Nang masigurong maayos ang lahat ay nagpaalam na rin siya. Hindi na siya makapaghintay na makarating ng hospital upang makita at personal na matingnan ang kalagayan ng babaeng nakakuha ng kanyang atensyon sa kabila ng pagiging estranghera

nito.

Alas cuatro ang simula ng duty ni Justin ngunit alas dos pa lang ay nasa hospital na siya. Pumasok siya nang maaga para personal na tingnan ang pasyente na galing ng charity ward.

Pagpasok niya sa kuwatrong kinuha niya para rito, mabilis na lumipad ang kanyang tingin sa babaeng nakahiga sa kama. Sa kabila ng mga galos at pasa nito, hindi maitatangging napakaganda nito. Ang tipo nito ay iyong lalong gumaganda habang tinititigan. Marahil ay higit sa limang taon ang tanda niya rito. She looked so young and refreshing. His eyes never left her beautiful face.

Makalipas ang ilang minuto, narinig niyang bumukas ang pinto. It was Nurse Joan. Napilitan siyang ilipat ang tingin dito.

“Hi, Doc Justin! Kumusta na ang pasyente natin? Nagising na ba?”

Umiling siya. “Hindi pa. Sana magising na siya para malaman na natin ang pangalan niya.”

Tila nagkahimala ang langit dahil nagsimulang gumalaw ang babae sa kama at pagkalipas ng ilang

segundo ay nagmulat ito ng mga mata.

“W—who are you?” nagpa-panic nitong tanong habang pilit na umuupo. Mabilis na lumapit si Nurse Joan at tinulungan itong umupo sa kama.

“I’m Nurse Joan, siya naman si Dr. Justin Salazar. Isa siyang resident doctor dito sa hospital kung saan ka naroroon. Kagabi ay pinalipat ka ni Doc dito mula sa charity ward. Naawa kasi siya sa ’yo na nandoon ka at walang nagbabantay sa ’yo. What’s your name?” tanong ni Nurse Joan sa magaan na tinig.

Napakurap ito, tila nalilito. “Sarah... Sarah Montenegro ang pangalan ko.”

“Sarah... napakagandang pangalan.” Napangiti siya. Kung bakit ay hindi niya alam. “Bagay na bagay sa ’yo ang pangalan mo. In Hebrew, Sarah means princess.”

“Tama si Doc Justin. Hindi hadlang ang mga pasa at galos mo sa katawan para makita ang iyong kagandahan,” segunda ng nurse.

Hindi niya napigilang mapangiti nang mapansin ang bahagyang pamumula ng pasyente mula sa natanggap na papuri.

“Sarah, may mga magulang ka ba o kamag-

anak na puwede naming tawagan para ipaalam ang kalagayan mo?” tanong niya gamit ang pinaka-gentle niyang boses.

May ilang sandaling nakatingin lang ito sa kanya saka nag-iwas ng tingin. “Wala na akong mga magulang. Mag-isa na lang ako sa buhay,” sagot nito sa malungkot na boses.

Sa kanyang narinig, his heart instantly went out to her. Napuno ng mainit na pakiramdam ang kanyang puso. Sa sarili ay nangako siyang tutulungan ito.

May ilang minuto nang nakahiga si Sarah at nakatingin sa kisame. Mag-isa na lang siya sa kuwarto. Pagkatapos siyang magkatulong na tanungin nina Nurse Joan at Doc Justin ng ilang personal na bagay tungkol sa buhay niya at ipaliwanag ang nangyari sa kanya, nagpaalam na ang mga ito at sinabihan siyang magpahinga na. Nangako ang mga itong babalik upang muli siyang tingnan.

Sa pagitan ng pag-uusap, naikuwento niya sa mga ito kung paano siya nabunggo ng isang rumaragasang sasakyan habang tumatawid sa daan. Punong-puno ng alalahanin ang kanyang isip noong panahong

iyon, kaya hindi niya napansin ang paparating na sasakyan. Sa halip na tulungan, iniwan lang siya ng driver. Mabuti at may mabubuting tao na nakakita sa kanya na nakahandusay sa kalsada at dinala siya sa pinakamalapit na hospital.

Mula sa gilid na bahagi ng kanyang isip, bumalik ang naabutan niyang pag-uusap ng kanyang ama at ng kasintahan bago siya maaksidente...

“Be patient, Hijo. Sundin mo lang ang mga sinabi ko sa ‘yo. Ako na ang bahala sa lahat. Magpasalamat ka at sa lahat ng kilala ko, ikaw ang nagustuhan ko para sa anak ko. Kung hindi, habang-buhay ka na lang magiging empleyado sa kompanyang pagmamay-ari ko.”

Hindi niya mapigilang maiyak. Maliwanag sa narinig niya na binayaran lamang ng kanyang ama ang kasintahan upang paibigin siya. Hindi pa ito nakontento, handa rin itong magbayad nang malaki pakasalan lang siya ni Mickey.

Ngayon ay alam na niya kung bakit ganoon na lang ang pag-ayaw ng kanyang ina sa kasintahan. Marahil ay may alam ito sa nangyayari, kaya ganoon na lang ang pagtutol nito sa relasyon nila. Tinakot siguro ito ng kanyang ama at dahil doon ay hindi nito magawang sabihin sa kanya ang nalalaman nito.

Beautiful Stranger - Marielle Gonzales

Hindi niya mapigilan ang tampo at galit na mangibabaw sa puso niya. Sa kanyang nobyo na inakala niyang mahal siya at nangakong hindi siya sasaktan. Sa kanyang ina dahil sa ginawa nitong paglilihim sa kanya. Higit sa lahat, sa kanyang ama na ginawa siyang puppet at nagbayad nang malaki para lokohin at saktan siya.

Napabuntong-hininga siya. Hindi pa siya handang umuwi sa kanila at harapin ang mga magulang niya. Hangga't sariwa pa ang sakit, desidido siyang huwag munang magpakita sa lahat. Hangga't hindi pa niya kayang magpatawad, magpapakalayu-layo muna siya.

Saka na siya babalik. Kapag handa na siya—both physically and emotionally.

3

“How are you feeling, Sarah?” tanong ni Justin kinabukasan nang puntahan siya nito. Kasalukuyan siyang nakaupo sa kama at nakatunghay sa nakangiti nitong mukha habang sinusuri ang kanyang katawan.

“I’m doing good, Doc. Ano ang sabi ng attending physician na sumuri sa akin kahapon? Gusto ko sanang malaman kung ano ang resulta ng x-ray nila sa akin.”

Ngumiti ito. “Lumabas na ang resulta ng x-ray. Wala kaming nakitang problema sa katawan mo. Maliban sa bahagyang pilay sa bandang tadyang at sa mga pasa, gasgas at galos mo sa katawan, you’re almost good as new. Puwede ka nang lumabas dito anytime.”

“Gusto ko nang lumabas, Doc. I feel better. Hindi ko na kailangang mag-stay dito. But I have a problem...”

“What is it?”

She sighed. “I can’t find my wallet. Paggising ko kahapon, when I asked around, walang makapagturo sa akin ng wallet ko.”

“Baka nawala nang dalhin ka dito sa hospital. May nangyayari talagang ganyan sa mga pasyente namin. Don’t worry, I’ll pay your bills. Ako naman ang nag-utos sa staff ng hospital na ilipat ka dito mula sa charity ward,” nakangiting sabi nito.

She was speechless for a while. Why, the doctor was too good to be true. Hindi lang ito guwapo, matulungin din ito at napakabait pa.

“Thank you, Doc. I don’t know how to thank you...”

“You’re welcome. Magpagaling ka lang, okay na ’yon sa akin,” nakangiti pa ring tugon nito. “Saan ang punta mo paglabas mo dito? May mapupuntahan ka bang kamag-anak na puwede mong tirhan habang nagpapagaling ka?” sunud-sunod nitong tanong, hindi naitago ang concern sa tinig nito.

Nakatingin lang siya dito habang nag-iisip ng isasagot. Wala siyang balak na umuwi sa kanilang bahay at harapin ang kanyang ama at ina. Kaya kung saan siya pupunta paglabas niya ng hospital ay wala siyang ideya. Hindi siya puwedeng pansamantalang makituloy sa bahay ng isa sa mga kaibigan niya dahil siguradong mahahanap siya roon ng mga magulang at maging ni Mickey. Hindi pa siya handang makipagkita sa mga ito lalo na at sariwa pa ang sakit

na nararamdaman niya dahil sa nangyari.

“Wala na akong pupuntahan paglabas ko dito. My parents passed away months ago. Wala rin akong kamag-anak na matutuluyan. Maliit lang ang pamilya namin. Hindi ako gaanong close sa kanila dahil hindi kami masyadong nagkikita.”

Mas pinili niya ang magsinungaling kay Justin kaysa ang aminin ang totoo. Hindi pa siya handang ikuwento sa iba kahit dito ang tungkol sa kanyang buhay lalo na’t kung tutuusin ay estranghero sila sa isa’t isa.

“Bakit hindi ka muna manatili sa bahay ko?”

Nabigla siya. “Sa bahay mo?”

Tumango ito. “As I was saying, kung okay lang sa ’yo, puwede kang manatili sa pad ko habang nagpapagaling. Don’t worry, wala kang magiging problema sa akin. Bihira akong umuwi dahil sa duty ko dito sa hospital. On-call ako palagi. You can stay in my place for as long as you want. Kung inaalala mo na may gagawin akong masama sa ’yo habang magkasama tayo, wala kang aalalahanin sa parteng iyon. Hindi ako masamang tao. Kahit ipagtanong mo pa sa lahat ng staff ng hospital.”

Napangiti siya. Naniniwala siya sa lahat ng sinabi

nito lalo na sa parteng iyon na hindi siya nito gagawan ng masama. Simula nang makilala niya ito, purong kabutihan na ang ipinakita nito sa kanya. Marahil ay isa ito sa kaunting tao sa mundo na masaya kapag may natutulungan. Wala rin sa hitsura nito ang gagawa ng masama. Napakabait at napakagaan ng aura ng mukha nito. Kahit ang tunog ng pangalan nito ay mabait—Dr. Justin Salazar. Bukod sa may pinag-aralan, halata rin sa kilos at pananalita nito ang magandang pagpapalaki rito ng mga magulang nito.

“Paano ang asawa mo? Hindi kaya siya magalit kapag inuwi mo ako sa bahay mo?”

Napangiti ito. “I’m still single, Sarah.”

“How about a girlfriend? I’m sure hindi ka nawawalan n’on. Why, you are handsome, kind and very attractive. Mas magtataka ako pag sinabi mong wala kang girlfriend,” prangkang pahayag niya.

“Now, I’m really flattered. Thanks, Sarah!” ngingiti-ngiting sabi nito. “To answer your question, yes, may girlfriend ako. Huwag kang mag-alala sa kanya. Mas mapapalagay ang loob ko kung sa akin ka tutuloy kaysa kung saan ka pumunta.”

May naramdaman siyang lungkot sa nalamang may kasintahan na ito. Kung bakit ay hindi niya alam.

Nag-alangan pa rin siya. “Are you sure okay lang? Hindi ba nakakahiya? Baka maistorbo ko ang privacy mo?”

He smiled warmly. “Walang privacy na maiistorbo. Maganda na rin iyon para may kasama ako sa bahay. Nakakalungkot din minsan na mag-isa lang ako d’on. At least, kapag pumayag ka na tumira sa bahay, may housemate na ako. So, what do you think?”

Wala siyang ibang mapupuntahan paglabas niya ng hospital. Kapit na siya sa patalim dahil sa sitwasyon niya. Hindi niya gustong umuwi sa kanila o makituloy sa mga kaibigan niya. Paano niya makakalimutan ang sakit na nararamdaman niya kung palagi niyang makikita ang mga taong magpapaalala niyon sa kanya?

Justin’s offer was very tempting. Marahil ay ito na ang kasagutan sa problema niya. She trusted him. She felt safe and secured with him.

“Okay. I’ll stay in your place. Temporarily, at least.”

“Welcome home, Sarah,” turan ni Justin nang buksan nito ang main door ng bachelor’s pad nito.

Mula sa hospital, may ilang minuto rin silang bumiyahе papunta sa bahay nito. Bago sila umalis ng hospital ay nakausap niya si Nurse Joan at hindi niya makakalimutan ang mga sinabi nito.

“Gusto kong bumalik ka dito pero hindi na bilang pasyente, Sarah. As for Doc Justin, let me assure you, you have nothing to worry. He came from a good family. Mabait siya at mapagkakatiwalaan. You can trust him.”

“This is where I live, Sarah. My pad has three bedrooms—my room, isang guest room at study room,” anang binata na nagpabalik sa kanya sa kasalukuyan.

Tahimik siyang sumunod dito. Sa kabila ng busy schedule, napanatili nitong maayos at malinis ang unit nito. Una nilang pinasok ang study room nito. Maliit lamang iyon ngunit malinis at organisado ang pagkakaayos ng mga gamit. Paglabas nila roon ay kaagad silang tumuloy sa katabing kuwarto.

“This will be your room,” nakangiting saad nito habang binubuksan ang pinto ng silid. Pinagmasdan niya ang kabuuan ng kuwarto. Sa gitnang bahagi ay naroon ang double-size bed na may puting kubrekama at dalawang unan na puti rin ang punda. Sa kaliwang bahagi ay naroon ang cabinet.

“In case you need anything, huwag kang mahihiyang magsabi sa akin.”

“Isn’t this too big for me?” aniya.

“Mas mabuti na ’to para makakakilos ka nang mabuti.”

“Nahihiya ako sa ’yo. Ang dami mo nang naitulong...”

“Walang problema. Masaya ako sa tulong na ibinibigay ko,” nakangiting sagot nito. “Wala ka nga palang damit...” Ang suot niyang damit ay ipinahiram sa kanya ni Nurse Joan.

“May mga pinagliitan ka naman sigurong mga damit na puwede kong gamitin habang nandito ako.”

Hindi nakaligtas sa paningin ni Sarah ang biglang pag-asim ng mukha nito. Mukhang alam na niya kung ano ang tumatakbo sa isip nito. Sa liit niya, magmumukhang dress ang t-shirt nito kapag isinuot niya. At ano na lang ang susuotin niyang underwear habang nakatira siya sa bahay nito? Hindi naman puwedeng wala siyang isuot.

“Matutulog lang ako sandali. Pagkagising ko pupunta tayo sa mall para bumili ng mga damit mo.”

“Thanks, Justin. But I don’t think—”

“No more buts, Sarah. I insist.”

“Paano kung hindi ko mabayaran ang mga nagastos mo sa akin, Justin? How can I pay you back?”

Ngumiti ito. “Ayos na sa akin ang simpleng ‘thank you’, Sarah.”

She sighed. “Thanks for everything, Justin. I really appreciate all your help,” she said, giving him her sweetest smile.

Bahagya pa siyang natulala nang makita niya itong ngumiti nang malapad sa kanya. She noticed he could be very handsome while smiling. Tuloy ay wala siyang makapang pagsisisi sa desisyon niyang sumama rito.

Pagpasok sa mall, kaagad na hinila ni Justin si Sarah papunta sa department store. Tumuloy sila sa women’s section. Doon ay sinabihan siya nitong mamili ng mga damit. Nagpaiwan ito sa record store upang bumili ng CD habang hinihintay siya.

Pagkalipas ng ilang minuto, binalikan siya nito. Hawak niya ang tatlong blouse, isang pantalon, dalawang shorts at isang mumurahing sandals.

Kumuha rin siya ng tig-dalawang undergarments.

“Are you done?” tanong nito, sabay tingin sa hawak niyang basket. Mabilis nitong kinuha iyon mula sa kanya. “Are you sure kaya mong mag-survive na ganito lang kaunti ang gamit? Paano kung magtagal ka sa bahay ko? Hindi puwedeng paulit-ulit mo na lang suotin ang mga damit na bibilhin natin.”

“I don’t have money, Justin. Okay na sa akin ang mga ito. Hindi ako sanay na tumatanggap ng kahit na ano sa lalaki maliban sa daddy ko...”

Nagulat siya nang bigla siya nitong hawakan at hinila pabalik sa women’s section.

“Come on, Sarah, at times like this, walang puwang ang hiya-hiya. Tanggapin mo ang lahat ng ibigay ko. Bilhin natin lahat ng kailangan mo—mula sa damit, sapatos, at ilang personal na gamit. Huwag kang mag-alala sa gastos. At ayokong makakarinig ng salitang ‘nakakahiya’ mula sa ‘yo. Are we clear on that?”

“But—”

“Once again, no more buts, Sarah.”

Napilitan siyang tumango at sumunod dito. Nagulat siya nang magsimula itong kumuha ng mga

gamit para sa kanya. Pagkalipas ng ilang minuto, punung-puno na ng damit at gamit pambabae ang basket. Lahat ay ang lalaki mismo ang pumili para sa kanya.

“Ang dami nito, Justin. Hindi ko masusuot ang lahat ng ito kung sa bahay lang ako. Ibalik natin ang iba.”

“Wala tayong ibabalik, Sarah. I chose them for you. Let’s go. Isukat mo ang lahat ng ito,” anito habang hinihila siya papunta sa fitting room.

Alanganing kinuha niya ang basket mula rito at pumasok sa fitting room. Napabuntong-hininga siya. Tama si Justin. Sa kalagayan niya, wala siyang magagawa kundi tanggapin ang lahat ng tulong na ibibigay nito. She desperately needed his help. Nangako siya sa sarili na babayaran ito sa kahit anong paraan.

Pagkatapos nilang mamili ng mga gamit, tumuloy sila sa isang restaurant at kumain. Pagkakain ay sa supermarket naman sila nagpunta at namili ng mga stocks para sa kitchen nito. Pagkatapos mamili ay umuwi rin sila dahil may duty pa ito sa hapon. Pagdating sa bahay, nagprisinta siyang mag-ayos ng mga pinamili nila. Sinabihan niya itong magpahinga na lang.

Makalipas ang halos dalawang oras, narinig niyang bumukas ang pinto ng kuwarto ni Justin. Kasalukuyan siyang naghahanda ng pagkain nila.

“I’m going, Sarah. Ikaw na ang bahala dito. I’ll call you from time to time. Feel at home, okay?” nakangiting sabi nito pagsilip nito sa kusina.

“Thanks, Justin! Don’t worry about me. I’ll be fine. Nagluto ako ng dinner. Baunin mo na para may pagkain ka.”

Lumapit ito at kinuha ang pagkain na ibinigay niya. “Thanks! Sigurado ka bang kaya mo na dito? Puwede akong magpapunta dito ng makakasama mo.”

Umiling ang dalaga. “No, please. Don’t worry, I can manage.”

“Sigurado kang kaya mo na? Baka mabinat ka. Sa tingin ko, kailangan mo ng makakatulong dito sa bahay lalo na sa mga household chores.”

“Kaya ko na, Justin. Promise, okay lang ako,” giit niya.

“Okay. Kung may problema, tumawag ka lang. Nasa gilid ng telepono ang number ko sa hospital. Nakasulat din doon ang cellphone number ko.”

Beautiful Stranger - Marielle Gonzales

Matapos magbilin, tumuloy na ito sa pinto at nagpaalam sa kanya.

Habang wala ito, may ilang beses din itong tumawag mula sa hospital. Naroong tumawag ito para i-check kung may nararamdaman siyang kakaiba, para tanungin kung ano ang ginagawa niya at upang alamin kung nakakain na siya.

Maliban sa daddy niya, ito ang kauna-unahang lalaki na nagpakita ng sobrang concern sa kanya. Kahit si Mickey ay hindi ganoon sa kanya. She must admit, she was starting to like Justin. His sweet and gentle gestures never failed to warm her heart. Unti-unti ay nagkakaroon na ito ng puwang sa buhay at puso niya.